# KAGAWARAN NG PAMPUBLIKONG SERBISYONG PANLIPUNAN
# PORMULARYO NG REKLAMO SA BATAS PARA SA MGA AMERIKANONG MAY KAPANSANAN (ADA)

Ang pormularyong ito ay para sa impormal na pamamaraan ng reklamo sa DPSS, na dinisenyo upang mabilis na malutas ang mga reklamo tungkol sa mga paglabag sa Batas para sa mga Amerikanong may Kapansanan.

Ang paggamit ng pormularyong ito ay hindi kinakailangan upang sumunod sa mga pederal na regulasyon at hindi magsisimula ng isang usapin o pormal na pamamaraan sa reklamo.

Maaari kang magsampa ng reklamo kung sa palagay mo na ikaw ay biktima ng diskriminasyon dahil sa iyong kapansanan o hindi nasiyahan sa mga serbisyong natanggap mo kaugnay sa iyong kapansanan. Ang ilang mga kapansanan na maaaring ibilang, ngunit hindi limitado sa mga problema sa paglakad, pag-upo, pagtayo, pagbasa, pag-aaral, pag-unawa, pagsasalita, pandinig, paningin, napapaligiran ng maraming tao, at pagkawala ng memorya.

**Mga Tagubilin**

1. Ang reklamo ay dapat na nakasulat at dapat na naglalaman ng pangalan, tirahan, at numero ng telepono ng nagrereklamo na kasama ang isang maikling paglalarawan ng mga di-umano'y (mga) paglabag.
2. Mangyaring isama ang mga tamang aksyon na hiniling upang malutas ang di-umano'y (mga) paglabag.
3. Ang lahat ng mga pormularyo ng reklamo ay dapat na mapirmahan.
4. Maaari mong ikoreo o i-email ang iyong (mga) reklamo sa ADA Title II Coordinator ng DPSS o sa Chief Executive Office (CEO), Disability Civil Rights Section sa:

ADA Title II Coordinator
Department of Public Social Services
12860 Crossroads Parkway South
City of Industry, CA 91746
Telepono: (844) 586-5550
TTY: (877) 735-2929 (California Relay)
(Mga oras ng tanggapan lamang 7:00 a.m. hanggang 4:30 p.m.)
Email: **adahelp@dpss.lacounty.gov**

Chief Executive Office
Disability Civil Rights Section
500 West Temple Street, Room 754
Los Angeles, California 90012
Telepono: (213) 202-6944
TTY: (855) 872-0443
Email: **Adavis@ceo.lacounty.gov**

5. Maaari kang humiling ng isang impormal na pagpupulong sa DPSS ADA Title II Coordinator upang sagutin ang anumang mga katanungan.
6. Kikilalaning natanggap ng DPSS ang iyong nakasulat na reklamo sa loob ng limang (5) araw ng trabaho mula sa petsa na ang reklamo ay isinampa.

**Mangyaring Tandaan:**

- Ang paggamit nitong impormal na pamamaraan ng reklamo ay hindi kinakailangan sa ilalim ng mga pederal na regulasyon at hindi ka rin mapipigilan sa pagsasampa ng reklamo sa angkop na pederal na ahensiya ng pagpapatupad.
- Ang anumang paghihiganti, pamimilit, pananakot, pagbabanta, pagkagambala, o panliligalig para sa paghaharap ng isang reklamo ay ipinagbabawal at dapat na iniulat agad sa ADA Title II Coordinator ng DPSS: (844) 586-5550 o sa CEO ng County, Disability Civil Rights Section: (213) 202-6944.

***Ang pormularyong ito ay makukuha sa mga alternatibong format kung hihilingin mula sa Kagawaran ng ADA Coordinator.***

**KAGAWARAN NG PAMPUBLIKONG SERBISYONG PANLIPUNAN**
**PORMULARYO NG REKLAMO SA BATAS PARA SA MGA AMERIKANONG MAY KAPANSANAN (ADA)**

Taong kumukumpleto ng pormularyo (***lagyan ng tsek ang isa***):

☐ Nagrereklamo ☐ Pinahintulutang Kinatawan

Pangalan: _____

Tirahan: _____

Numero ng Telepono: (_____) _____

Email: _____

**MGA DI-UMANO'Y PAGLABAG**

Ilarawan kung paano hindi tumupad ang County ng Los Angeles sa ADA. Magbigay ng sapat na detalye upang mapalinaw ang iyong reklamo (maglakip ng karagdagang mga pahina kung kinakailangan).

Petsa ng Pangyayari: _____

_____

_____

_____

_____

_____

**HINILING NA AKSYON**

Ano ang hinihiling mong mga aksyon sa County upang iwasto ang mga di-umano'y di-pagsunod o diskriminasyon sa ADA?

_____

_____

_____

_____

_____

Lagda: _____Petsa:_____